# Patakaran at Pamamaraan ng Network Asia and Pacific Producers para sa Proteksyon ng mga Bata at Mahihinang Matatanda

**Disyembre 2017**

**Upang maisakatuparan:** Ang Network of Asia and Pacific Producers (NAPP), mga organisasyon ng mga manggagawa at mga producer ng Fairtrade/NAPP, mga tauhan ng NAPP, mga boluntaryong nagtatrabaho sa NAPP, Mga Director ng Board at iba't ibang komite ng NAPP, at kahit sinong kumakatawan sa organisasyon na may ugnayan sa mga bata o mahihinang mga matatanda habang nagtatrabaho o opisyal na bumabyahe para sa NAPP.

**Estratehiya:** Ang gagawin ng NAPP ay ang magkakaroon ng isang sistemang maisulong ang proteksyon ng mga bata at mga mahihinang matatanda, gagawa ng mga aksyon para makuha at maiwaksi ang mga pwersahang pang-aabuso ng mga bata, kasali na ang may kaugnayan sa pag-aabuso at pagsasamantala.

## A. LAYUNIN:

Ang *United Nations Convention of the Rights of the Child* at ang *The Universal Declaration of Human Rights* ay naglalakip at nagtataguyod ng karapatang pang-indibidwal, kasama na ang mga karapatan ng mga bata sa buong mundo.

Sa NAPP (Network of Asia and Pacific Producers), sinusuportahan namin ang ganitong Mga Karapatan at gagawin namin para masiguro na makikilala ito para sa mga karapatan ng mga bata at mga mahihinang matatanda para sa kanilang proteksyon, pag-uunlad at ikaganda ng kanilang buhay. Itutuon namin ang aming mga gawain para maproteksyunan ang mga bata at mahihinang matanda sa lahat ng mga pag-aabuso at pananakit.

Umaasa ang NAPP na ang lahat na manggagawa ng NAPP, mga organisasyon ng maliliit na mga producer at manggagawa, ang Mga Director ng Board at ang Mga Lupon nito, at iba pang tao na may pansamantalang kontrata sa NAPP at mga dahilan at may magandang interes sa mga kabataan at mga mahihinang mga matatanda na inuulat nila para magiging basihan na sila ay may kaugnayan sa amin.

Ang Patakaran na ito para sa Proteksyon ng mga bata at mga mahihinang matatanda ay base sa ating posisyon na kumikilala sa mga karapatan higit sa lahat, at sinisiguro natin na lahat ng ating gagawin ay naaayon sa mga prinsipyo ng *UN Convention on the Rights of the Child and the UN Declaration of Human Rights*, lalo na sa mga pertinenting artikulo para sa proteksyon ng mga kabataan at mahihinang matatanda.

Ang NAPP ay aktibong gagawa ng mga paraan para matulungan at masigurong magampanan at maproteksyunan ang mga karapatan ng mga bata at mga mahihinang matatanda laban sa pang-aapi, pang-aabuso at pansasamantala.

**B. MGA KAHULUGAN:** ***bata:*** Sinuman na may edad na mas bata pa sa 18 taong gulang

***Pagpapatrabaho ng Bata:***

Walang pangkalahatang kahulugan ang "pagpapatrabaho ng bata" ngunit ang pangunahing internasyonal at legal na mga instrumento na nagtutukoy sa pagpapatrabaho ng bata ay ang mga kaugnay ang International Labor Organization (ILO) Conventions at ang Convention on the Rights of the Child (CRC) ng UN.

Ayon sa ILO, ang pagpapatrabaho ng bata ay isang trabaho na:

- mapanganib sa pag-iisip, sa pisikal, sa lipunan o sa kagandahang-asal,mapagsamantala at mapanganib sa mga bata; at
- gumagambala sa pag-aaral ng mga bata sa pamamagitan ng:
  - Pagtanggal oportunidad upang makapag-aral;
  - Pagpilit sa kanila na umalis ng maaga sa paaralan; o
  - Hilingin sa kanila na ipagsabay ang pagdalo sa paaralan kasabay ang labis na mahaba at mabigat na trabaho.

Tinutukoy ang trabaho na isang delikadong trabaho, kung ito ba ay dahil sa uri nito o sa mga kondisyon na kung saan ay isinasagawa, inilalagay nito sa panganib ang pisikal, pag-iisip o moral na kalagayan ng mga bata o mga bata na wala pa sa sapat na gulang para magtrabaho.

Kahit anong mga kaduda-dudang paraan ng pagpapatrabaho ng bata, internasyonal na tinutukoy bilang pang-aalipin, pangangalakal ng tao, pambayad sa utang o iba pang uri ng sapilitang pagpapatrabaho, tulad ng sapilitang pangangalap ng mga bata upang gamitin sa giyera, komersyal na sekswal na pagsasamantala at pornograpiya, o mga gawaing labag sa batas.

***Proteksyon ng bata:***
Sa NAPP, tinutukoy namin ang Proteksyon ng Bata bilang mga aksyon na ginagawa upang protektahan ang mga bata mula sa pinakamasaklap na uri ng pagtatrabaho, karahasan, pagsasamantala, pang-aabuso at kapabayaan, at kasabay, na susuportahan ang kabutihan at pagpapalaki ng mga bata.

***Ikakagaling at pag-unlad ng buhay ng Bata:***
Umuunlad ang mga Kabataan at nakakakuha ng mga abilidad at karunungan para maihanda at magiging produktibong mga matatanda at aktibong mga mamamayan, at gagawin nila ito sa isang positibong kapaligiran at magandang buhay. Ang pagkakaroon ng kakayahan at karunungan ay makakamit sa pamamagitan ng pormal/propisyonal na pag-aaral at sa aktwal na karanasan sa buhay, kasama na ang paglalaro.

***Sapilitang pagpapatrabaho:***
Ang sapilitang pagpapatrabaho ay isang gawain o serbisyo na manggagaling sa isang tao na may kasamang pagbabanta o parusa kung saan ang nasabing tao ay hindi boluntaryong nagbigay ng kanyang sarili, kasali ang pang-aalipin at pagdukot, hindi tamang pagpapatrabaho sa publiko at kulungan, sapilitang pangangalap, iniipit dahil sa pagkakautang at sapilitang pagpapatrabaho sa lokal na amo at nasyonal o internasyonal na pangangalakal ng tao o sekwal na layunin, kasama na ang pang-aalipin at mga gawain na kaparehas sa pang-aalipin. Ang mga kahulugan ng ILO sa

sapilitang trabaho ay kasama ang walang pasubali na pinakasaklap na uri ng pagpapatrabaho ng bata (gaya ng tinutukoy sa ILO 182).

***Mahihinang matatanda:***
Ang isang taong mahigit 18 na taong gulang at hindi kayang protektahan ang sarili kontra sa mga pang-aapi o seryosong mga pansasamantala na nanggagaling sa pangunahing mga ginagawa sa sapilitang pagpapatrabaho.

**C: SAKLAW NG PATAKARAN:**
Ang patakaran na ito ay naaangkop sa lahat ng tauhan ng NAPP, at sa Board ng mga Director ng NAPP at ang mga Komite nito. Inihahayag dito ang mga responsibilidad at mga paraan nadapat sundin ng lahat ng mga tao na kumakatawan at/o nakakontrata sa organisasyon, at kung sino ang particular na may ugnayan sa mga bata habang sila ay nagtatrabaho o opisyal na bumabyahe para sa NAPP.

At saka, iniimbitahan ng NAPP ang National Networks at ang mga Organisasyon ng maliliit na mga producer at manggagawa upang itaguyod din ang pagpapatupad sa patakaran na ito sa loob ng kani-kanilang mga istraktura at/o ang pagbuo ng kanilang sariling mga patakaran at paraan ayon sa pangkalahatang patakaran ng NAPP.

**D. DEKLARASYON:**

Sinisigurado ng NAPP na **GUMAWA NG MGA PANGONTRA NA AKSYON pabor sa kapakanan ng mga bata at mahihinang matatanda, AT KUNG KINAKAILANGAN, MAGBIGAY NG SUPORTA TUNGO SA PANGMATAGALANG PROTEKSYON** sa bawat kaso ng pang-abuso o pagsasamantala, kasali na ang pinaka masaklap na uri ng pagpapatrabaho ng bata o sapilitang pagpapatrabaho na maaaring iharap ang konteksto nito sa Fair Trade Production sa kontinenteng ito (Asya at ang Pacific).

Sa paraang ito, ang NAPP ay naghahanap ng daan upang patuloy na maprotektahan ang mga bata, kabataan at mahihinang matatanda mula sa anumang kapahamakan, at magsulong ng buong pagpapatupad ng Karapatang proteksyon ng mga bata at mahihinang matatanda. Sineseryoso namin ang responsibilidad ng pagtaguyod ng mga kaugalian na ligtas para sa mga bata at para sa mga mahihinang matatanda, at kumilos sa pagprotekta sa kanila mula sa lahat ng uri ng pagmamaltrato, pag-aabuso at pagsasamantala. At saka, pinapangako namin na gumawa ng mga aksyon upang maprotektahan ang mga bata at matatanda na mag-uulat ng mga pang-abuso at pananamantala.

Ang mga gawaing ito ay mas pinagtutuonan ang mga sumusunod:

- Pagsasanay para sa mga tauhan ng NAPP, Mga Director ng Board, National Networks, Organisasyon ng mga producer at manggagawa, mga komunidad na sakop ng impluwensya sa produksyon ng Fairtrade (kung maaari), mga boluntaryo at ibang mga tao na kumakatawan sa organisasyon. Ang pagsasanay na ito ay nakatuon sa ibig sabihin ng pagpapatrabaho ng bata, kasali na ng pinakamasaklap na uri ng pagpapatrabaho ng bata at sapilitang trabaho, at sa pagsunod sa bahagi ng pamantayan ng Fairtrade na tumutukoy sa mga katulad.

- Pagtulong sa mga miyembro ng organisasyon sa pagpapatupad ng mga proyekto na nakatuon sa pagpapalaki ng bata, kalagayan ng mahihinang matatanda at pagpapalit ng henerasyon.

- Pagtulong sa mga organisasyon ng producer sa pagkilala at pagtugon sa bata at sapilitang pagpapatrabaho, kasama na dito ang binabasihang mga alegasyon ng marahas na insidente pagdating sa kasarian.

- Mga teknical na pagtulong sa mga miyembro ng organisasyon na interesado sa pagtatayo ng sistema ng kabataan kasama na dito, ang naka base sa komunidad na pag monitor at sistemang magpapabuti na binuo ng Fairtrade International o ng ibang mga eksperto.

- Pagbuo ng alyansa kasama ang mga ahensya na eksperto sa pagpoprotekta ng mga bata at mga mahihinang matatanda, na nakabase rin sa UN Convention on the Righst of the Child at naglulunsad ng respeto para sa ILO 138 pati na rin ang ILO 182, at naka base sa ILO conventions 29 at 105, kasama dito ang 111 sa sapilitang pagpapatrabaho at diskriminasyon para maka suporta at makapagbigay ng abiso kung may kaso mang ihaharap na pangsarili na makakapagbigay ng malinaw na testimonya, ito ay i-rereport sa mga sumusunod na awtoridad na nagpoprotekta o mga eksperto na organisasyon para masiguro na wala ng mangyayari pang masama sa mga biktima na sinusupetsahang nasa bata o sapilitang pagpapatrabaho o humaharap sa isang karahasan na nakabase sa kasarian.

- Kami ay nangangako na aming ipagbibigay alam sa mga sumusunod na mga nasyonal na entidad na nagpoprotekta at mga awtoridad, habang sinisuguro ang seguridad sa mataas na antas na walang makakaalam, tungkol sa kahit ano mang pang-aabuso o pananamantala ng mga bata o mahihinang matatanda na napag-aalaman naming na nasa loob o sakop ng Fair Trade production o ng pagawaan. Ang aming desisyon at mga hakbang ay may pag gabay ng prinsipyo ng "ang makakabuti sa mga bata o ng mahihinang matatanda," habang patuloy na pinoprotektahan ang kanilang integridad.

**E: MGA PAMAMARAAN:**

Ang layunin ng mga sumusunod na mga pamamaraan ay upang masiguro na ang mga tauhan ng NAPP gayundin ang Mga Direktor ng Board ng NAPP, mga Komisyon at mga tao at/o mga organisasyon na kumakatawan at/o na nakaugnay sa organisasyon:

- Unawain, mula sa pananaw ng karapatang pantao, ang pinakamasamang uri ng pagpapatrabaho ng bata, tulad ng pang-aalipin, pagbebenta ng bata, pagkaalipin sa utang at iba pang uri ng sapilitang trabaho, tulad ng sapilitang pangangalap ng mga bata at mahihinang matatanda upang gamitin sa giyera, komersyal na sekswal na pang-aalipin at pornograpiya, at mga ilegal na gawain.
- Unawaing maigi ang mga inaasahan para sa proteksyon ng mga bata at mahihinang matatanda, at irespeto ang Pamantayan ng Pag-uugali ng NAPP, na nakasaad sa Annex A.

- Unawain at ipagtanggol ang Patakaran ng NAPP at mga Pamamaraan para sa Proteksyon ng mga Bata at Mahihinang Matatanda, at kumpirmahin ito sa pamamagitan ng paglagda ng partikular na form na makikita sa Annex B.

- Unawain kung saan ligtas na isumbong ang ganitong kaso o alegasyon ng karahasan, pansasamantala at pag-aabuso, at ang mga hakbang na dapat sundin bilang isang indibidwal, para ligtas na gawin ang aksyon upang protektahan ang mga bata at mahihinang matatanda.

FAIRTRADE
NETWORK OF ASIA & PACIFIC PRODUCERS

Sa mga unawaing ito, ang tauhan ng NAPP at Mga Direktor ng Board at Mga Commission:

- Isumbong agad, sa CEO o sa kanyang mga inatasan, ang anumang kaso na kung saan makukuha ang kapani-paniwalang kaalaman na may taglay na o pananamantala ng mga bata o mahihinang matatanda, alinsunod sa naaangkop na mga pamamaraan ng NAPP at gamit ang form na may ulat na makikita sa Annex C. Ipagbibigay sa Chair ng NAPP ang mga alegasyon at mga kaso at makipag-ugnayan kasama ang CEO at ang kanyang mga naatasan upang gumawa ng desisyon sa iminungkahing pangkalahatang aksyon upang protektahan ang biktimang bata o mahinang matatanda. Ang CEO o ang kanyang mga naatasan ay may responsibilidad na gawin ang napagdesisyunan upang gumawa ng aksyon na batay sa ikabubuti sa interes ng bata o mahihinang matatanda, nakilala sa linya ng mga organisasyon na may kadalubhasaan pagdating karapatan ng mga bata at mahihinang matatanda. Maaaring ipahiwatig nito ang mga sumbong na kaso direkta o hindi sa isang ahensiya ng proteksyon o ahente na siyang may tungkulin sa nasyonal na proteksyon ng mga bata at mahihinang matatanda, pagsiguro sa pangmatagalang mabuting kondisyon ng mga bata at ng mahihinang matatanda.

- Sumagot ayon sa totoong nalalaman sa posibleng pang-aabuso o pananamantala ng isang bata o mahinang matatanda, alinsunod sa naangkop na pamamaraan ng NAPP, at magpatuloy sa paggawa ng hakbang patungo sa pagsumbong sa kaso, habang patuloy na nirerespeto ang pinaka mabuti na interes para sa mga bata at mga mahihinang matatanda, pagsisiguro na hindi natin sila masasaktan pa lalo sa mga gagawin nating hakbang.

- Makipagtulungan ng buong buo at palihim sa anumang imbestigasyon ng pag-abuso o pananamantala sa mga bata o mahihinang matatanda, kapag hinilingng CEO ng NAPP o ng mga inatasan nito. Walang indibidwal (empleyado, manggagawa o kinatawan ng NAPP) ang maaaring gumawa ng imbestigasyon o bumuo ng karagdagang impormasyon na wala namang partikular na utos mula sa CEO o sa kanyang mga naatasan.

- Makibahagi sa pagbuo ng isang paligid na kung saan partikular ang mga kabataan ay respetado at hinihikayat na magsalita tungkol sa kanilang saloobin at ang kanilang mga karapatan.

- Palaging humingi ng pahintulot mula sa mga bata (tanungin ang mga magulang o tagapag-alaga upang pirmahan ang isang awtorisasyon) bago kumuha ng mga litrato o video nila o kung makikipagpanayam sa kanila. Galangin ang kanilang desisyon kapag sinabi nilang “HINDI” sa anuman dito. Ang mga kwento at imahe ng mga bata ay dapat batay sa kanilang pinakamagandang interes. Walang bata o mahihinang matatanda sa pagpatrabaho o sapilitang trabaho, kasali na ang karahasan batay sa kasarian ang pwede kuhanan ng litrato; ang kanilang pagpayag na makuhanan ng larawan ay ituturing na walang bias dahil sa kanilang sitwasyon ng kahinaan ay hindi sila maaaring makapagbibigay ng pahintulot. Ang kanilang proteksyon ang uunahin higit sa lahat ng bagay.

- Magmatyag na kung mayroong impormasyon tungkol pag-uugali ng tauhan ng NAPP, Mga Director ng Board o mga Komite ng NAPP, o kahit na sinuman na kumakatawan sa organisasyon, kaugnay sa proteksyon ng mga bata o mahihinang matatanda, at/o sa kaso ng hindi pagsunod sa Patakaran ng Proteksyon na ito, ito ay ligtas na isusumbong sa at iimbestigahan ng sinanay na CEO o inatasan ng NAPP, at/o sa pamamagitan ng reklamo na isinampa sa mga tamang kinauukulan, para sa pag iimbestiga na sang-ayon rin sa batas. Kung may alegasyon man o report na gagawin laban sa CEO o ang naatasan para makaiwas sa magkasalungat na mga isyu ito ay i-rereport sa susunod sa linya ng mga tagapamahala at/o Chair ng NAPP Board.
- Maging pamilyar sa mga pamamaraan sa Patakaran para sa Proteksyon para sa mga Bata at Mahihinang Matatanda, at magkaroon ng malinaw na kaalaman ng Mga Pamantayan ng Fairtrade tungkol sa pagpapatrabaho ng bata at sapilitang trabaho, lalong lalo na sa mga aspeto

kung saan kinakailangan ang pagtugon mula sa bata/mahinang matanda sa pananaw ng pagprotekta sa kanila, na nakasaad sa kasalukuyang patakaran.

**F: MGA PAMAMARAAN NG KOMUNIKASYON:**

- Lahat ng impormasyon na nauugnay sa paksa ng proteksyon para sa mga bata at mahihinang matatanda ay pribilehiyong imporasyon ng NAPP, at dahil dito, ang panloob at panlabas na mga komunikasyon ng impormasyong ito ay dapat na mahigpit na susunod sa pamamaraan na mangangailangan ng mga empleyado at/o mga tao na nasa ilalim ng NAPP upang pumirma ng mga karagdagang kasunduan sa pagiging kumpidensyal, tulad ng itinuturing na kinakailangan ng legal na kumakatawan ng organisasyon. Ito ay pagpapasyahan sa pamamagitan ng bawat kaso.

- Ang lahat ng impormasyon sa paksa ng proteksyon para sa mga bata at mahihinang matatanda ay sensitibo sa likas na katangian nito, at mahalaga rin na ang angkop na pag-iingat ay kinakailangan kung ibabahagi ang ganitiong impormasyon. Ito ay resposibilidad ng mga nagbibigay at tatanggap ng mga impormasyon na may kinalaman sa proteksyon ng mga bata at maging tiyak na ang mga napili lamang na mga tatanggap ay yung may access lamang sa mga ito. Dapat, kahit ano mang komunikasyon sa bagay na ito ay kailangang markhan ng **KUMPIDENSYAL** sa ilalim ng "Paksa" ng isang email, pati na rin ang nasa teksto ng mensahe ng email na ipapadala at mga dokumento na kaakibat nito.

- Hindi kailanman maaring magdesisyon ang isang tao ng kanya lang kung tungkol sa maging impormasyon o aksyon upang protektahan ang mga bata o mahihinang matatanda na maaring ipagsabi sa ibang tao o indibidwal, o kinuha, kahit na ang taong maglalabas ng impormasyon o magtukoy ng hakbang sa kanyang paniniwala sa pag gawa nito, kinakailangang ang pinakamabuting interes para sa bata at mahinang matanda ay makamit o mapanatili.

- Ang sinumang tao na may mahalagang impormasyon tungkol sa proteksyon ay dapat munang talakayin ang kanyang mga hiling upang ibahagi ang naturang impormasyon kasama ang indibidwal sa loob o sa labas ng sistema ng Fairtrade kasama ang CEO ng NAPP o ang kanyang mga naatasan. Naaangkop din ito sa CEO at Chairman ng NAPP.
- Kung ang CEO ng NAPP at ang kanyang mga naatasan ay makatanggap ng alegasyon o impormasyon tungkol sa pinakapangit na uri ng pagtatrabaho ng bata o sapilitang trabaho, kasali na ang mga karahasan na nakaayon sa kasarian, sila ay may pangako na gumawa ng mga aksyon sa pagsumbong sa kaso sa loob ng 15 araw ng trabaho.

**Ang mga pamantayan na ito ay naaprubahan ng:**

Mga Director ng Board ng NAPP na nangangako na isasaayos ang para sa pagpapatunay ng Pangkalahatang pagtitipon ng NAPP (NAPP's General Assembly).

Network of Asia and Pacific Producers – Chair ng Board G. Gnanasekaran Rajaratnam

**APPENDIX A**

**Pamantayan ng Pag-uugali ng NAPP para sa Proteksyon ng mga Bata at mga Mahihinang Matatanda**

Ako si,______________________________ [ilagay ang pangalan], **kinikilala na aking** nabasa at naintindihan ang Patakaran ng Proteksyon ng NAPP, at sumasang-ayon **ako na sa aking pagkabilang sa asosasyon ng NAPP, kailangan ko:**

> Tratuhin ang mga bata at/o mahihinang matatanda ng may respeto anuman ang kanilang pinagmulang lahi, kulay, kasarian,lenggwahe, relihiyon, politikal at ibang opinion, nasyonal, etniko o panlipunang pinagmulan, ari-arian, kapansanan, kapanganakan o ibang estado

> Huwag gumamit ng lenggwahe o magpakita ng pag-uugali sa mga bata o matatanda na hindi naaangkop, nakakaligalig, nakakaabuso, nakakapukaw sa sekswal, nanghihiya o hindi naangkop sa kultura

> Huwag isali ang mga bata na pababa sa 18 ang gulang sa anumang uri ng pagtatalik o sekswal na aktibidad, kasali na ng pagbabayad para sa sekswal na mga serbisyo o gawain

> Huwag isali sa anumang uri ng sekswal na panliligalig o may kaugnay sa masamang asal kasama ang sinumang tao na higit sa 18 taong gulang na nagtatrabaho sa NAPP, organisasyon ng producer o kasosoyong mga organisasyon.

> Hangga’t maaari, siguraduhin na may ibang matanda na naroroon kung magtrabaho sa kalapitan ng mga bata o mahihinang matatanda.

> Huwag mag-imbita ng mga batang walang kasama patungo sa aming bahay, maliban kung may maaring masamang mangyari na ikakadisgrasya o nasa pisikal na panganib sa ganitong dahilan kailangan na magkaroon ng permiso mula sa supervisor at kailangan mayroon rin ibang matandang kasama.

> Huwag matulog malapit sa walang nag-aasikasong bata

> Gamitin ng tama ang anumang mga computer, mga mobile phone, video camera, mga kamera o social media, at huwag pagsamantalahan o manggulo sa mga bata o ng mahihinang matatanda, mag-akses bastos na mga palabas sa ano mang paraan

> Huwag gumamit ng pisikal na parusa sa mga bata

> Huwag kumuha ng mga bata para sa lokal o ibang paraan ng pagtatrabaho na hindi angkop sa kanilang edad o estado ng paglaki, na humhadlang sa kanilang oras na magagamit sa edukasyon at libangan na gawain, o kung saan ilalagay sila sa malaking panganib ng pinsala.

> Sumunod sa lahat ng may kaugnayan sa lokal na batas, kasali na ang mga batas sa trabaho kaugnay sa pagpapatrabaho ng bata at sapilitang trabaho, kasali na ang karahasan batay sa kasarian.

> Kaagad na mag-ulat ng mga alalahanin o mga alegasyon ng pansasamantala at pag-abuso at hindi pagsunod sa patakaran alinsunod sa angkop na pamamaraan, gaya ng nakalagay sa Patakaran sa Proteksyon ng NAPP

- Kaagad na ipagbigay alam ang lahat ng paratang, paghatol at iba pang kalalabasan ng pagkakasala, na nangyari bago o habang ako ay may kaugnayan sa NAPP na may kinalaman sa pananamantala at pang-aabuso

Naiintindihan ko na ano mang paglabag sa Pamantayan ng Pag-uugali, ay kailangan madaliang i-report na sang-ayon sa angkop na pamamaraan, at maaring magresulta sa pagpapatigil o pagtanggal sa trabaho sa NAPP.

Nilagdaan: Petsa: **17thJan2020**

**Chair ng Board: G**. Gnanasekaran Rajaratnam

**Chief Operating Officer:** G. Sanjeet Singh Khurana

**Appendix B**

**Deklarasyon ng pangako**

Ako si, _________________________________ ay nasabihan na tungkol sa Patakaran ng Proteksyon ng mga Bata at Mahihinang Matatanda at pinapangako ko na susundin ito.

Nilagdaan: Petsa:

Pangalan:
Designasyon:

| Appendix C Protection Reporting Form[2] |
|---|

**Pangunahing Report**

**KUMPIDENSYAL – ANG MGA SUMUSUNOD AY MAARI LANG IBAHAGI SA KINAKAILANGAN MALAMAN LAMANG**

**Kompletuhin ang form kasama ang mga impormasyon na kinakailangan.**

**Ano ang ini-rereport?**
☐ Alegasyon ng pang-aabuso – pangkalahatang hinala/ saloobin na maaring nangyayari
☐ Pangyayari ng pang-aabuso – pagsaksi ng aktwal na pang-aabuso
☐ Reklamo sa proteksyon- pagsisiwalat ng bata at/o matanda.

**Detalye ng Ulat:**

ORAS:______________Petsa:____________ Lugar:_______________________________________.
_________________________________

**Impormasyon ng Tagapag-ulat:**
Pangalan: _____________________________________________ Lahi: _______________
Address/Telepono:
________________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________________
Petsa ng kapanganakan:___________Edad:____________ Kasarian:_________( Lalaki/Babae)
Relasyon sa biktima:
____________________________________________________________________________
Trabaho:________________________________ Amo: ______________________________________

**Detalye ng Naturang Biktima** *( dapat kompleto hanggat maari)*